



**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG
RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

**Ipinatupad ng Resolusyong 1224 ng Lupon ng Mga Direktor ng Desert Water
Agency noong Disyembre 17, 2019**

1. **Pagpapatupad ng Patakarang.** Ang Patakarang sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig na ito (ang “Patakarang” na ito) ay para sa lahat ng mga account ng Desert Water Agency (“Ahensiya”) para sa residensiyal na serbisyong tubig, pero hindi ilalapat sa anumang mga account para sa hindi residensiyal na serbisyo. Sa maaabot na salungat ang Patakarang ito sa anumang ibang tuntunin, regulasyon o patakarang ng Ahensiya, mananaig ang Patakarang ito.

2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnay.** Para sa mga tanong o tulong tungkol sa singil ng tubig mo, makakaugnay ang kawani ng Ahensiya sa (760) 323-4971. Maaari ring pumunta ang mga kostumer sa Ahensiya nang personal nang Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga pista-opsiyal ng Ahensiya, na nakalista sa www.dwa.org. Para sa emergency na kontak sa labas ng oras ng negosyo, maaaring tumawag ang mga kostumer sa 760-323-4971 at i-dial ang “9”.

3. **Mga Pamamaraan sa Pagsingil.** Ang mga singil sa serbisyong tubig ay babayaran sa Ahensiya minsan bawat buwan o sa ibang dalas ayon sa nadetermina ng Lupon ng Mga Direktor nang pana-panahon. Lahat ng mga singil para sa serbisyong tubig ay nakatakda at babayaran labing-limang (15) araw matapos mag-mail o mag-email ang Ahensiya. Ang anumang singil na hindi binayaran sa loob ng nasabing panahon ay ituturing na delinkuwente.

4. **Pagputol ng Serbisyong Tubig dahil sa Hindi Pagbayad** Kung delinkuwente ang singil ng hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring ihinto ng Ahensiya ang serbisyong tubig sa address ng serbisyo.

4.1 **Nakasulat na Abiso sa Kostumer.** Magbibigay ang Ahensiya ng abiso sa koreo sa kostumer na nasa talaan ng hindi bababa sa labinglimang (15) araw bago putulin ang serbisyong tubig. Maglalaman ang abiso ng:

- (a) pangalan at address ng kostumer;
- (b) halaga ng pagiging delinkuwente;
- (c) petsa kung saan ang bayad o pag-aayos sa pagbabayad ay dapat gawin para maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan kung paano maaaring simulan ng kostumer ang reklamo o humiling ng imbestigasyon o mag-apela patungkol sa serbisyo o mga singil
- (e) paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng alternatibong pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng palugit, amortization, o ibang alternatibong pamamaraan sa pagbabayad;
- (f) ang pamamaraan para makakuha ang kostumer ng impormasyon sa tulong pinansiyal, kung angkop; at

- (g) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kostumer ng kasunduan sa pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Ahensiya.

4.2 Nakasulat na Abiso sa Mga Umookupa o Mga Umuupa.

(a) Magpapadala din ang Ahensiya ng abiso sa mga umookupang nakatira sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya: (i) nagbibigay ang Ahensiya ng indibiduwal na nakametrong serbisyo sa isang-pamilyang tirahan, maramihang-yunit na residensiyal na istraktura, mobile home park, at ang mag-ari, tagapamahala o operator ay ang kostumer sa talaan; o (ii) ang address sa koreo ng kostumer na nasa talaan ay hindi pareho sa address ng serbisyo. I-address ang abiso sa "Occupant," maglalaman ito ng impormasyong kailangan sa Seksiyon 4.1 sa itaas, at aabisuhan ang mga residensiyal na umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer ng Ahensiya nang hindi inaatasang magbayad ng halagang nakatakda sa delinkuwenteng account. Ang mga tuntunin at kundisyon para sa mga umookupa para maging mga kostumer ng Ahensiya ay nilalaan sa Seksiyon 8 sa ibaba.

(b) Kung nagbibigay ang Ahensiya sa mga tirahan ng tubig gamit ang master meter, gagawa ang ahensiya ng mabuing layuning pagsusumikap, ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol, na abisuhan ang mga umookupa sa tirahan na ang account ay hindi bayad at ang serbisyo aypuputulin sa petsang nakatukoy sa abiso. Ang Ahensiya ay magbibigay ng abiso sa alinman sa: (i) pagpapadala sa koreo ng abiso sa bawat residensiyal na yunit; (ii) pagpaskel ng abiso sa pintuan ng bawat residensiyal na yunit, (iii) kung ang pagbibigay ng abiso sa bawat yunit ay hindi magagawa, pagpaskil ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat maa-access na common area at sa bawat punto ng access sa istraktura o mga istraktura; o (iv) paggawa ng ibang mabuting layuning, makatwirang pagsusumikap na magbigay ng nakasulat na abiso sa mga umookupa. I-address ang abiso sa "Occupant," maglalaman ito ng impormasyong kailangan sa Seksiyon 4.1 sa itaas, at aabisuhan ang mga residensiyal na umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer ng Ahensiya nang hindi inaatasang magbayad ng halagang nakatakda sa delinkuwenteng account. Ang mga tuntunin at kundisyon para sa mga umookupa para maging mga kostumer ng Ahensiya ay nilalaan sa Seksiyon 8 sa ibaba.

4.3 Personal o Teleponong Abiso. Gagawa din ang Ahensiya ng makatwirang, may mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang kostumer sa talaan o isang adult na taong nakatira sa lugar ng kostumer nang personal o sa telepono ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago putulin ang serbisyo. Maghahandog ang Ahensiyang magbigay sa pamamagitan ng sulat ng kopya ng Patakarang ito at talakayin ang mga opsoyon para mapigilan ang pagputol ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad, kasama ang posibilidad ng ekstensiyon, amortization, o ibang kasunduan sa pagbabayad.

4.4 Pagpaskil ng Abiso sa Address ng Serbisyo. Kung hindi makontak ng Ahensiya ang kostumer o isang adult na taong nakatira sa address ng kostumer nang personal o sa telepono, gagawa ang Ahensiya ng mabuting layuning pagsusumikap na

mag-iwan ng abiso ng napipintong pagputol sa residensiyal na serbisyo at kopya ng Patakarang sa mapapansing lugar sa address ng serbisyo. Ang abiso at kopya ng Patakarang ito ay iwan sa tirahan ng hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Kasama ng abiso ang:

- (a) pangalan at address ng kostumer;
- (b) halaga ng pagiging delinkuwente;
- (c) petsa kung saan ang bayad o pag-aayos sa pagbabayad ay dapat gawin para maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan para makakuha ang kostumer ng impormasyon sa tulong pinansiyal, kung angkop; at
- (e) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kostumer ng kasunduan sa pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Ahensiya.

4.5 Mga Sirkumstansiya Sa Ilalim ng Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Ahensiya ang residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya:

- (a) Sa imbestigasyon ng Ahensiya ng hindi pagkakasundo sa kostumer o reklamo sa ilalim ng Seksiyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa pagkabinbin ng apela sa Lupon ng Mga Direktor sa ilalim ng Seksiyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa panahon ng oras kung saan ang bayad ng kostumer ay sasailalim sa inaprubahan ng Ahensiyang ekstensiyon, amortization, o ibang alternatibong iskedyul sa pagbabayad sa ilalim ng Seksiyon 6 sa ibaba, at nanatili ang kostumer na sumusunod sa aprubadong kasunduan sa pagbabayad.

4.6 Espesyal na Medikal at Pinansiyal na Sirkumstansiya Sa Ilalim Kung Saan ang Mga Serbisyo ay Hindi Puputulin.

- (a) Hindi puputulin ng Ahensiya ang serbisyong tubig kung lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:
 - (i) Ang kostumer, o nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Ahensiya ng sertipikasyon ng sertipikasyon ng lisensiyadong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, na ang pagputol ng serbisyong tubig ay banta sa buhay sa o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar kung saan nilalaan ang residensiyal na serbisyo;

- (ii) Ipinakita ng kostumer na pinanisyal siyang hindi makakabayad ng serbisyong residensiyal sa loob ng normal na siklo sa pagsingil ng Ahensiya. Naturing na pinansiyal na hindi makabayad ang kostumer sa normal na siklo ng pagsingil kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) dineklara ng kostumer sa ilalim ng multa ng perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan; at
 - (iii) Payag ang kostumer na pumasok sa alternatibong kasunduan sa pagbabayad, kabilang ang ekstensiyon, amortization o ibang alternatibong iskedyul sa pagbabayad alinsunod sa mga delinkuwenteng singil.
- (b) Para sa alinmang kostumer na nakatutugon sa lahat ng mga kundisyon sa itaas, hahandugan ng Ahensiya ang kostumer ng isa sa mga sumusunod na opsiyon, na pipiliin ng Ahensiya sa diskresyon nito: (1) isang ekstensiyon ng panahon ng pagbabayad; (2) amortization ng hindi bayad na balanse; o (3) ibang alternatibong iskedyul sa pagbabayad; Pipiliin ng General Manager ng Ahensiya ang pinaka-angkop na kasunduan sa pagbabayad, isasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong nilaan ng kostumer, pati na ang mga pangangailangan ng Ahensiya sa pagbabayad.
 - (c) Ang kostumer ay responsable sa pagpapakita na ang kundisyon sa subsection (a) ay natugunan. Sa pagtanggap ng dokumentasyon mula sa kostumer, rerepasuhin ng Ahensiya ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang kostumer ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad na pinili ng Ahensiya at hihilingin ang nilagdaang pahintulot ng kostumer na lumahok sa alternatibong kasunduang iyon; (2) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa kostumer; o (3) abisuhan ang kostumer na hindi niya natutugunan ang mga kundisyon sa subsection (a).
 - (d) Maaaring putulin ng Ahensiya ang serbisyong tubig kung ang kostumer na nabigyan ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng seksiyong ito ay nabigong gawin ang alinman sa sumusunod ng animnapung (60) araw o higit pa: (a) bayaran ang kanyang mga hindi bayad na singil sa petsa ng in-extend na pagbabayad; (b) bayaran ang anumang amortized na halaga na nakatakda sa ilalim ng iskedyul ng amortization; (c) bayaran ang anumang halagang nakatakda sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng

pagbabayad; o (c) bayaran ang kanyang mga kasalukuyang singil sa serbisyong tubig. Magpapaskil ang Ahensiya ng panghuling abiso ng paglalayong putulin ang serbisyo sa prominente at mapapansing lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay sa kostumer ng karapatan sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Ahensiya.

4.7 Oras ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Ahensiya ang serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad sa Sabado, Linggo, legal na pista-opsiyal o anumang oras kung saan hindi bukas ang tanggapan ng Ahensiya sa publiko.

4.8 Pagbabalik ng Serbisyo. Ang mga kostumer na ang serbisyong tubig ay naputol ay maaaring makipag-ugnay sa Ahensiya gamit ang telepono o personal patungkol sa pagbabalik ng serbisyo. Ang pagbabalik ay sasailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang umiiral na mga halaga, kasama ang angkop na interes o mga multa; (b) anumang bayad sa rekoneksiyon, sasailalim sa mga limitasyon sa Seksiyon 7.1, kung angkop; (c) at pangseguridad na deposito, kung inaatas ng Ahensiya.

5. **Mga Pamamaraang Itanggi o Iapela ang Singil.**

5.1 Oras para Simulan ang Reklamo o Humiling ng Imbestigasyon. Maaaring simulan ng kostumer ang reklamo o humiling ng imbestigasyon patungkol sa halaga ng singil ng hindi bababa sa dalawang (2) araw ng negosyo bago ang petsa ng pagputol sa singil sa pagsusumite ng nakasulat na reklamo o kahilingan sa Ahensiya.

5.2 Pagrepaso ng Ahensiya. Ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ay rerepasuhin ng manager ng Ahensiya na magbibigay ng nakasulat na determinasyon sa kostumer. Ang pagrepaso ay may kasamang konsiderasyon kung ang kostumer ay maaaring makatanggap ng ekstensiyon, amortization, o ibang alternatibong iskedyul sa pagbabayad sa ilalim ng Seksiyon 6. Ang Ahensiya ay maaari, sa diskresyon nito, repasuhin ang mga hindi napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon; subalit, ang mga nasabing reklamo o kahilingan ay hindi sasailalim sa apela.

5.3 Apela sa Lupon ng Mga Direktor. Ang sinumang kostumer na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon alinsunod sa Seksiyon 5 na ito ay nagresulta sa salungat na determinasyon ng Ahensiya ay maaaring iapela ang determinasyon sa Lupon ng Mga Direktor sa pagsampa ng nakasulat na abiso sa Sekretarya ng Ahensiya sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo sa pagpapadala sa koreo ng Ahensiya ng determinasyon nito. Sa pagtanggap ng abiso ng apela, ang Sekretarya ng Ahensiya ay magtataksa ng usapin para madinig sa paparating na pulong ng Lupon at padadalhan ang kostumer ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pulong. Ang pagpasya ng Lupon ay pinal.

6. **Mga Ekstensiyon at Ibang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad.**

6.1 Oras para Humiling ng Ekstensiyon o Ibang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad. Kung hindi mabayaran ng kostumer ang singil sa karaniwang panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang kostumer ng ekstensiyon o ibang alternatibong kasunduan sa pagbabayad na isinalarawan sa Seksiyong 6 na ito. Kapag isinumite ng kostumer ang kahilingan niya sa loob ng labing-tatlong (13) araw matapos ipadala sa koreo ang nakasulat na abiso ng paghinto ng serbisyo ng Ahensiya, ang kahilingan ay rerepasuhin ng tagapamahala ng Ahensiya. Ang mga desisyon ng Ahensiya patungkol sa mga ekstensiyon at ibang alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay pinalat at hindi sasailalim sa pag-apela sa Lupon ng Mga Direktor ng Ahensiya.

6.2 Ekstensiyon. Kung inaprubahan ng Ahensiya, ang bayad ng kostumer sa kanyang hindi bayad na balanse ay maaaring pansamantalang ma-extend sa panahon na hindi lalagpas sa anim (6) na buwan matapos ang balanse ay orihinal na nakatakda. Aalamin ng General Manager ng Ahensiya sa diskresyon niya, kung gaano katagal ibibigay ang ekstensiyon sa kostumer. Babayaran ng kostumer ang buong hindi bayad na balanse sa petsang tinakda ng Ahensiya at dapat manatiling bayad sa lahat ng mga singil sa serbisyong tubig na naiipon sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Ang pinahabang petsa ng pagbabayad ay itatakda sa pamamagitan ng sulat at ibibigay sa kostumer.

6.3 Amortization. Kung inaprubahan ng Ahensiya, ang bayad ng kostumer ng kanyang delinkuwenteng balanse ay maaaring i-amortize sa panahon na hindi lalagpas sa labingdalawang (12) buwan ayon sa nadetermina ng General Manager ng Ahensiya sa kanyang diskresyon. Kapag inaprubahan ang amortization, ang delinkuwenteng balanse ay hahatiin sa dami ng buwan sa panahon ng amortization at ang halagang iyon ay idaragdag sa buwanang singil ng kostumer para sa serbisyong tubig hanggang mabayaran nang buo. Sa panahon ng amortization, dapat manatiling bayad ang kostumer sa lahat ng singil sa serbisyong tubig na naiipon sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Ang iskedyul ng amortization at mga halagang nakatakda ay itatakda sa pamamagitan ng sulat at ibibigay sa kostumer.

6.4 Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad. Kung inaprubahan ng Ahensiya, maaaring bayaran ng kostumer ang delinkuwente niyang balanse alinsunod sa alternatibong iskedyul sa pagbabayad na hindi lalagpas sa labingdalawang (12) buwan ayon sa nadetermina ng General Manager ng Ahensiya sa kanyang diskresyon. Kapag naaprubahan, ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay maaaring magpahintulot ng pana-panahong lump-sum na bayad na hindi tugma sa naitaguyod na petsa sa pagbabayad ng Ahensiya o maaaring magbigay para sa mga bayad na ginawa nang humigit kumulang sa dalas ng regular na petsa ng pagbabayad ng Ahensiya. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manatiling bayad ang kostumer sa lahat ng singil sa serbisyong tubig na naiipon sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at mga halagang nakatakda ay itatakda sa pamamagitan ng sulat at ibibigay sa kostumer.

6.5 Kabiguang SUMunod. Kung nabigyan ang kostumer ng kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng Seksiyon 6 na ito at nabigong: (1) bayaran ang mga hindi bayad na singil sa petsa ng pagpapalawig; (2) magbayad ng halagang nakatakda sa ilalim ng

iskedyul ng amortization; o (3) magbayad ng halagang nakatakda sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, maaaring wakasan ng Ahensiya ang serbisyong tubig. Magpapaskil ang Ahensiya ng panghuling abiso ng paglalayong putulin ang serbisyo sa prominente at mapapansing lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay sa kostumer ng karapatan sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Ahensiya.

7. Mga Partikular na Programa para sa Mga Kostumer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limitasyon sa Bayad sa Muling Pagkonekta at Pagpapaubaya sa Interes. Para sa mga residensiyal na kostumer na nagpapakita sa Ahensiya ng kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng linya ng pederal na kahirapan, ang Ahensiya ay:

- (a) Ilimita ang anumang bayad sa muling pagkonekts sa normal na oras ng operasyon sa limampung dolyares (\$50), at sa mga oras na walang operasyon sa isang daan at limampung dolyares (\$150). Ilalapat lang ang mga limitasyon kung ang mga bayad sa muling pagkonekta ng Ahensiya ay aktuwal na lagpas sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay sasailalim sa taunang adjustment para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index ng Bureau of Labor Statistics oara sa lahat ng ng Urban Consumers (CPI-U) simula sa Enero 1, 2021.

7.2 Mga Kuwalipikasyon. Ituturing ng Ahensiya na ang isang residensiyal na kostumer ay may kita ng sambahayan na mas bababa ng 200 porsiyento ng federal poverty line kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) dineklara ng kostumer sa ilalim ng multa ng perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan.

8. Mga Pamamaraan sa Mga Umookupa o Mga Umuupa para Maging Mga Kostumer ng Ahensiya.

8.1 Pagpapatupad. Ang Seksiyon 8 na ito ay ilalapat lang kapag ang may-ari ng pag-aari, kasera, manager, o operator ng residensiyal na address ng serbisyo ay nakalista bilang kostumer sa talaan at nabigyan ng abiso ng paglalayong putulin ang serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduang sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Ahensiya. Gagawing makukuha ng Ahensiya ang serbisyo sa mga aktuwal na residensiyal na umookupa kung sang-ayon ang bawat umookupa sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga inaatas ng mga tunrunin at regulasyon ng Ahensiya. Sa kabila nito, kung ang isa o higit pa sa mga umookupa ay payag at kayang akuin ang

responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Ahensiya, o kung mayroong pisikal na paraan, ligal na magagamit ng Ahensiya, ng selektibong pagputol ng serbisyo sa mga umookupa na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga panuntunan at regulasyon ng Ahensiya, gagawing available ng Ahensiya ang serbisyo sa mga umookupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

8.3 Pagpapatotoo ng Pag-upa. Para maging nararapat na maging kostumer nang hindi nagbabayad ng halagang nakatakda sa delinkuwenteng account, patototohanan ng umookupa na ang kostumer na nasa talaan ng delinkuwenteng account ay o dating ay ang kasera, manager o ahente ng tirahan. Maaaring kasama sa pagpapatotoo ang, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa lease o pag-upa, mga resibo sa pag-upa, dokumento ng pamahalaan na tumutukoy na ang umookupa ay umuupa sa pag-aari, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa diskresyon ng Ahensiya.

8.4 Mga Paraan sa Pagtataguyod ng Kredito. Kung ang naunang serbisyo para sa isang tagal ng panahon ay isang kondisyon para sa pagtaguyod ng kredito sa Ahensiya, ang katanggap-tanggap na paninirahan at patunay ng agarang pagbabayad ng upa para sa nasabing panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

8.5 Pagkaltas sa Bayad sa Upa. Alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan Seksiyon 60371(d), ang sinumang umookupa na naging kostumer ng Ahensiya alinsunod sa Seksiyon 8 na ito at ang pana-panahong bayad, tulad ng mga bayad sa upa, ay may kasamang mga singil para sa serbisyong residensiyal na tubig, kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, ay maaaring kaltasin mula sa pana-panahong bayad ang bawat panahon ng pagbabayad ng lahat ng makatwirang singil na binayad sa Ahensiya para sa mga serbisyong iyon sa nakaraang panahon ng pagbabayad.

9. **Wika para sa Ilang Nakasulat na Mga Abiso.** Lahat ng mga nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksiyon 4 at Seksiyon 6.6 ng Patakarang ito ay ilalaan sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang ibang wikang sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o higit pang mga tao sa loob ng lugar ng serbisyo ng Ahensiya.

10. **Mga Ibang Remedyo.** Bilang dagdag sa pagputol ng serbisyong tubig, maaaring isulong ng Ahensiya ang anumang ibang remedyong magagamit ayon sa batas i equity sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyong tubig, kabilang ang, pero hindi limitado sa: pagkuha ng mga delinkuwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsampa ng mga lien sa lupaing pag-aari, pagsampa ng paghabol o legal na pagkilos, o pagsangguni sa hindi bayad na halaga sa pagkolekta. Sakaling nagpasya para sa legal na pagkilos para sa Ahensiya, may karapatan ang Ahensiya sa pagbabayad ng lahat ng halaga at gastos, kasama ang mga bayarin sa abogado at naipong interes.

11. **Pagputol ng Serbisyong Tubig para sa Ibang Paglabag ng Kostumer.** Reserbado ng Ahensiya ang karapatang ihinto ang serbisyong tubig para sa anumang mga paglabag ng mga ordinansiya, tuntunin o regulasyon ng Ahensiya maliban sa hindi pagbabayad.

12. **Mga Bayarin at Singil na Nagkaroon.** Maliban sa kung hindi hayagang nakasaad sa Patakarang ito, ang anumang mga bayarin at singil na nagkaroon ang kostumer sa ilalim ng anumang ibang tuntunin, regulasyon o patakaran ng Ahensiya, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga delinkuwenteng singil, at nakatakda at kailangang bayaran ayon sa nakasaad dito.

13. **Mga Desisyon ng Kawani ng Ahensiya.** Ang anumang desisyon na maaaring gawin ng General Manager ng Ahensiya sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng kanyang tinalaga.